# MAS MARAMI NANG LEGAL NA DAYUHAN ANG MAGKAKAROON NG BENEPISYO DAHIL SA PAGBABAGONG GINAWA SA PROGRAMA NG FOOD STAMP

**Hindi po ako mamammayan ng Estados Unidos. Pwede po ba akong makakuha ng food stamps?**

- Baka sakaling **ngayon** kung kayo'y permanenting residente (may green card). At kung may rekord na kayo, yung asawa ninyo, yung mga magulang ninyong may trabaho dito sa U.S. (makakatulong ito para malaman kung sapat na ang kailangang panahong pinagtrabaho ninyo). Maaaring makakuha yung mga refugees na dumating dito sa Amerika, gayun din yung ibang klase ng dayuhan. Maaari rin kung legal na nakatira dito sa Amerika noon pang Agosto 22, 1996, ***at*** (1) 65 na taon na ang edad ninyo noon (ipinaganak noon o bago mag-Agosto 22, 1931), o ***kaya*** (2) kung kayo ngayo'y may tinatanggap na pera dahil sa may kapansanan, ***o*** (3) kung ang edad sa ngayo'y wala pang 18. Maari rin kayong magkaroon ng katangiang kailangan kung nakatira na sa Estados Unidos ng mga 5 taon.

**Ano po ang mga ginawang pagbabago?**

- Noong Mayo 13, 2002 may batas na pinirmahan si Presidente Bush. Batas sa Seguridad ng Bukirin at Rural na Pag-iimpok ng 2002 (Farm Security and Rural Investment Act of 2002) na pinapayagang marami pa ang makakuha ng food stamps, na maliit ang kita kahit hindi mamamayan ng Estados Unidos, pero legal na dayuhan. Makakatanggap ang mga ito kung maipapakita ang mga kailangang hinihingi.

**Kailan po magkakabisa ang bagong batas na ito?**

- Nagkabisa na ang 2002 batas na ito sa mga ilang legal na dayuhan. Makakakuha na ng benepisyo sa food stamp nang Oktubre 1, 2002. Pero maghihintay pa ang karamihan. Narito sa ibaba ang marami pang paliwanag tungkol dito.

Ayon sa 2002 batas, pinapayagang makakuha ng benepisyong ito yung mga legal na dayuhan na makakasunod sa kailangang hinihingi, saka YUNG mayroong:

✓ may tinatanggap na benepisyo dahil sa kapansanan (gaya ng SSI o Medicaid) (Ang grupong may karapatan ay sinimulan noong **Oktubre 1, 2002**);

✓ Nakatira sa Amerika nang may limang taon na at nasa sitwasyong pwedeng tumaggap. (Simula **Abril 1, 2003** ang grupong magkakaroon ng karapatang makakuha ng benepisyo); o

✓ Yung wala pang 18 taon ang edad na dumating sa Amerika pagkatapos ng Agosto 22, 1996 (**Oktubre 1, 2003** ang simula ng pagkakaroon ng karapatang makakuha ng benepisyo ang mga ito).

**Sinong mga dayuhan ang dapat na makatanggap?**

- Yung mga may karapatang mga legal na dayuhan na permanenting residente (may green card), mga refugee, mga asylee, mga taong pinapayagan pang manirahan na hindi muna pinapaalis, mga dumating ditong Cuban/Haitian, mga taong nakatanggap ng Serbisyong Imigrasyon at Natrualisasyon (Immigration and Naturalization Service – INS) parole dito sa Amerika nang mga isang taon, mga dumating ditong may kundisyon ang pagdating, at yung mga nakaranas ng masama at malupit na pagtrato sa kanilang tinitirahan.

**Pwede po bang mabago ang batas at reglemento tungkol sa mga dayuhan na dati nang may karapatan?**

- Walang pagbabago. Patuloy pa ring pwedeng makakuha ng benepisyo yung dati nang may karapatan.

**Pwede po bang bigyan ng karapatan yung mga narito sa bansang ito na hindi mamammayan ng Estados Unidos dahil sa nakakaawang kalagayan nila, at dahil sa pakikipagkapwa tao?**

- Opo! Pwede ang ganito. At dahil nga sa resulta ng 2002 batas, wala na ang pitong taong limitasyon sa pagkuha ng food stamp ng mga refugee, Amerasians at ng mga dumating na Cuban o Haitian. Abril 1, 2003 ang simula ng pagkakaroon ng karapatan ng mga hindi mamamayan ng Estados Unidos, kung ang mga ito'y nagkaroon ng katangiang kailangan para sa programang ito na ibinabasi sa kinikita at iba pang kakayahan.

**Ang food stamp po ba ang makakapagdisisyon kung ang isang tao'y may kapansanan?**

- Hindi. Ang kailanga'y may tinatanggap nang benepisyo o tulong mula sa isang program gaya ng medicaid dahil sa pagiging bulag o iba pang kapansanan.

**Pwede po bang makakuha ng benepisyo ang mga anak kong mamamayan ng Estados Unidos, kahit na ako'y hindi naman pwede pero dayuhan?**

- Opo. Pwede. At hindi na kailangan pa ninyong magpakita ng mga dokumento tungkol sa inyong sarili, kung ang inaapply ninyo'y ang mga anak ninyo o yung mga iba pang kasama sa bahay na pwedeng mag-aplay. Ang kailangan po'y may ipakita kayo tungkol sa inyong kinikita at pinagkukunan ng panggastos para malaman ang halaga ng food stamp na dapat ibigay.

**Kung tumatanggap ng food stamps, makakasama po ba ito kung gusto ko nang maging mamamayan?**

- Hindi po. Kung tumatanggap ng food stamp ang isang dayuhan (may green card), hindi ibig sabihin nito'y pabigat sa gobyerno at sa bayan. Hindi idedeport o papaalisin sa Amerika. Hindi pagbabawalang makapasok dito.

**Paano po makakapag-aplay? Saan po makakakuha ng iba pang impormasyon?**

- Para makakuha ng food stamp mag-apply sa inyong opisina ng local ng food stamp. Kadalasan ito'y nasa opisina ng local ng kawanggawa.
- Kung kailangan ng iba pang impormasyon tungkol dito, tumawag sa inyong local na opisina ng food stamp na nakalista sa asul na mga pahina ng inyong aklat ng telepono. Makikita sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panglipunan (Social Services Department) o kaya'y sa Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pangtao (Welfare Department) o kaya'y tawagan ang libring tawag na nasyunal **1-800-221-5689**.
- Meron pong operator na marunong mag-Spanish sa libring tawag na nasyunal.

***Dahil sa Food Stamps, Umuunlad na bansa ang Amerika.***

*Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (United States Department of Agriculture – USDA) ay may pantay na opurtunidad para sa pagbibigay at pag-eempleyo.*